

Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin. Layunin nitong tulungan kang maunawaan ang nilalaman ng Abiso. Ang bersyong Hapon ang opisyal na dokumento na inilathala ng public health center. Ang isinalin na dokumentong ito ay hindi opisyal na dokumento.

⑧

## Kapag nasuri na may Tuberkulosis (Artikulo 37-2)

### ★ Ano ang Tuberkulosis (TB)?

Ang Tuberkulosis ay sakit na mula sa paglanghap ng bakterya na *tubercle bacillus* at karaniwang ito ay nagdudulot ng impeksyon sa baga. Kung ikaw ay nagka-sakit ng Tuberkulosis, hangga't walang bakteriyang *tubercle bacillus* na natatagpuan sa iyong plema, ito ay hindi nakakahawa sa ibang tao.

Ngunit kung ang bakteriyang *tubercle bacillus* ay natagpuan sa iyong plema, ito ay maaring kumalat sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahing. Kapag nakalanghap o natalstikan ang ibang tao na nasa paligid nito, sila ay may posibilidad na mahawaan ng sakit na ito. (Kung sakaling ma-impeksiyon ng tuberkulosis, may mga tao na ang bakteriya ay nananatili lamang sa loob ng kanilang katawan at wala itong dulot na sintomas.)

Ang sakit na tuberkulosis ay malulunasan kapag sinunod ang mga tagubilin ng doktor, at pagpapatuloy na tumupad sa pag-inom ng gamot (karaniwan mga mahigit na 6 na buwan).

### ★ Notipikasyon ng tuberkulosis

Ang tuberkulosis ay nakakahawang sakit, batay sa batas, kung nasuri ng doktor na ang pasyente ay may tuberkulosis kinakailangan na ipagpa-alam ng doktor ang lugar ng tirahan, pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian at trabaho ng pasyenteng ito sa Health Care Center.

Ang Health Care Center na nakatanggap ng abiso mula sa doktor ay, manghihingi ng detalye mula sa medikal na institusyon na pinagpasurian at magsasagawa ng interbyu sa taong may tuberkulosis at sa kapamilya nito tungkol sa mga sintomas at sa kalagayan ng pamumuhay.

### ★ Rekomendasyon na Magpa-ospital at Medikal check-up ng taong nakaugnayan ng pasyente.

Sa isinagawang interbyu ng Health Care Center, kung ang resulta ay may posibilidad na makahawa ang pasyenteng may tuberkulosis sa mga kasamahan niya sa bahay, ang Health Center ay magbibigay ng 「Rekomendasyon na Magpa-ospital ayon sa batas ng *Pag-iwas sa Nakakahawang sakit*」 upang magpa-confine sa isang medikal na institusyon para sa may sakit na Tuberkulosis.

Bilang karagdagan, kung kinakailangan, irerekomenda ng Health Care Center na suriin din ang kalusugan ng pamilya o ng taong nakaugnay ng pasyente sa pang-araw-araw, kung sila ay may posibilidad na nahawaan ng sakit na Tuberkulosis.

(Tandaan) Ang 「Rekomendasyon na Magpa-ospital」 ay hindi matatanggap para sa ibang sakit na nangangailangan magpa-ospital ngunit walang panganib na makahawa sa ibang tao,

### ★ Paggamit ng Pampublikong Pondo sa Medikal na bayaran

Sa paggamot ng tuberkulosis, may sistema kung saan maaring gamitin ang pampublikong salapi para sa bahagi ng medikal na bayarin upang mapagaan ang sariling pasanin sa mga bayarin sa pagpapagamot.

(Mangyaring sumangguni sa likod ng papel)

